Republic of the Philippines
Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
**MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL**

**QUARTER 1 SUMMATIVE TEST NO. 3**

| Mga Layunin | CODE | Bahagdan | Bilang ng Aytem | Kinalalagyan n Bilang |
|---|---|---|---|---|
| Naisasalaysay muli nang may wastong pagkakasunod- sunod ang napakinggan/ nabasang teksto gamit ang mga larawan, signal words at pangungusap.<br>Nakasususlat ng natatanging kuwento tungkol sa natatanging tao sa pamayanan, tugma o maikling tula. | **(F4PS-Ib-h-91)**<br>**(F4PU-Ia-2)** | **50%** | **10** | **1-10** |
| Nasasagot ang mga tanong sa nabasang kuwento, tekstong pang-impormasyon at short messaging text (SMS).<br>Nababasa ang maikling tula nang may tamang bilis, diin, ekspresyon at intonasyon | **(F4PB-1a-d-3. 1, F4PN-1**<br>**(F4PB-Ic-16)** | **50%** | **10** | **11-20** |
| **Kabuuan** | | **100** | **20** | **1 – 20** |

**GRADE 4 – FILIPINO**
**www.guroako.com**

Republic of the Philippines

Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
**MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL**

FILIPINO 4 Summative Test No. 3
www.guroako.com

Name: ______________________________ Date: __________ Score: _______

**I.A. Panuto:** Punan ng tamang sagot ang mga patlang bago ang bilang. Pumili ng sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa sagutang papel.

| Banghay, paksang diwa, tagpuan, tauhan, lima, kaisipan |
|---|

______________ 1. Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing tauhan sa kwento.
______________ 2. Ito ay tumutukoy sa lugar kung saan naganap ang kwento.
______________ 3. Ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ng kuwento.
______________ 4. Ito ang pinakabuod ng kuwento.
______________ 5. Ito ay ang mensahe ng maikling kuwento sa mambabasa.

**B. Panuto:** Basahin nang mabuti ang kuwento. Pagkatapos, gawin ang kasunod na gawain.

**Ang Alimango ni Juan**

Isang araw si Juan ay inutusan ng kanyang inang si Aling Maria. "Juan, pumunta ka sa palengke at bumili ng mga alimangong maiuulam natin sa pananghalian."

Binigyan ng ina si Juan ng pera at pinagsabihang lumakad na nang hindi tanghaliin.

Nang makarating si Juan sa palengke ay lumapit siya sa isang tinderang may tindang mga alimango at nakiusap na ipili siya ng matataba. Binayaran ni Juan ang tindera ng alimango at nagpasalamat siya.

Umuwi na si Juan ngunit dahil matindi ang sikat ng araw at may kalayuan din ang bahay nila sa palengke ay naisipan ni Juan na magpahinga sa ilalim ng isang punungkahoy na may malalabay na sanga. Naisip niyang naghihintay sa kanya ang ina kaya't naipasya niyang paunahin nang pauwiin ang mga alimango.

"Mauna na kayong umuwi, magpapahinga muna ako. Ituturo ko sa inyo ang aming bahay. Lumakad na kayo at pagdating sa ikapitong kanto ay lumiko kayo sa kanan. Ang unang bahay sa gawing kaliwa ang bahay namin. Sige, lakad na kayo," lakas loob na sinabi ni Juan.

Kinalagan ni Juan ang mga tali ng mga alimango at pinabayaan nang magsilakad ang mga iyon. Pagkatapos ay humilig siya sa puno. Dahil sa malakas ang hangin ay nakatulog si Juan. Bandang hapon na nang magising siya. Naramdaman niyang kumakalam ang kanyang sikmura kaya't dali-dali siyang umuwi sa kanila.

Malayu-layo pa si Juan ay natanaw na niya ang kanyang ina na kanina pa naghihintay sa kaniya. Agad na sinalubong ni Aling Maria ang anak pagpasok nito sa tarangkahan.

"Juan, bakit ngayon ka lang umuwi, nasaan ang mga alimango?"

"Bakit po? Hindi pa po ba umuuwi?" Nagulat ang ina sa sagot ni Juan. "Juan, ano ang ibig mong sabihin?" nagtatakang tanong ng kaniyang ina. "Nanay, kaninang umaga ko pa po pinauwi ang mga alimango. Akala ko po ay narito na." paliwanag ni Juan.

"Juan, paanong makauuwi rito ang mga alimango? Walang isip ang mga iyon." sabi ng kaniyang ina.

Hindi naunawaan agad ni Juan ang paliwanag ng ina. Takang-taka siya kung bakit hindi nakauwi ang mga alimango. Sa patuloy na pagpapaliwanag ng kaniyang ina, naliwanagan din si Juan. Napagtanto niyang mali nga ang kaniyang ginawa.

**Panuto:** Pagtapat- tapatin ang mga hudyat na salita sa hanay A sa mga pangyayari sa kuwento sa hanay B sa pamamagitan ng linya. Pagkatapos, ikuwentong muli sa pamamagitan ng pagsulat nito sa anyong patalata.

| A. | B |
|---|---|
| 1. Una ● | ● Umuwi na siya ngunit dahil sa pagod nagpasya siyang magpahinga sa ilalim ng punong kahoy at nakatulog. |
| 2. Ikalawa● | ● Nagising siya bandang hapon at dali-daling umuwi. |
| 3. Ikatlo ● | ● Kinalagan ni Juan ang alimango at pinaunang umuwi sa kanila sa pag-aakalang makakarating ang mga ito sa naghihintay niyang ina. |
| 4. Pagkatapos ● | ● Pagdating sa bahay ay hinanap ng kaniyang ina ang alimango at doon ni Juan ipinaliwanag ang kaniyang ginawa. At siya ay naliwanagan sa kaniyang pagkakamali. |
| 5. Sa hulihan ● | ● Inutusan ng ina si Juan isang araw upang bumili ng alimango sa palengke. |
| | ● Masayang nakipaglaro si Juan sa kaniyang mga matatalik na kaibigan. |

**II.A. Panuto:** Basahin ang maikling kuwento. Piliin ang titik nang tamang sagot.

Ako si Zenya, sampung taong gulang. Nakatira kaming mag-anak sa aming bukid. Payak amn ang buhay doon kami ay masaya dahil kami ay nagmamahalan. Tulong-tulong sa lahat ng Gawain upang trabaho ay mapagaan. Araw-araw ay masusustansiyang pagkain ang nasa hapagkainan upang wastong kalusugan tiyak na makakamtan. Wala na akong hahanapin pa sa aking pamilya na kadaki-dakila.

_____11. Sino ang nagkuwento?
A. Marko B. Zenya C. Apol D. Ali

_____12. Ilang taong gulang si Zenya?
A. Sampu B. Siyam C. Anim D. Lima

_____13. Saan sila nakatira?
A. probinsiya B. siyudad C. bayan D. bukid

_____14. Bakit sila masaya?
A. dahil sila ay nagmamahalan B. dahil sila ay nagtutulungan
C. dahil sila ay nagdadamayan D. lahat nang nabanggit

_____15. Ano ang araw-araw na nasa hapag-kainan?
A. masusustansiyang pagkain
B. masusustansiyang prutas
C. masusustansiyang gulay
D. masusustansiyang isda

**B. Panuto**: Basahin ang teksto at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang titik nang tamang sagot at isulat sa sagutang papel. Ang Covid-19

Ang Covid-19 ay isang sakit sanhi ng bagong virus mula sa Wuhan, China na nag-umpisa noong 2019. Ang sintomas nito ay karaniwang trangkaso lamang na kung mapabayaan, tiyak na hahantong sa kamatayan. Nakahahawa ang sakit na ito sa pamamagitan ng talsik ng laway kung tayo'y uubo at babahing. Kung kaya dapat umiwas tayo sa maraming tao upang maiwasan na mahawaan o makahawa sa sakit na ito. Ugaliing maghugas palagi ng kamay bago humawak ng pagkain at iwasan ang paghawak ng mukha dahil dito madaling pumasok ang virus na ito. Takpan natin ang ating bibig kung uubo babahing at palaging magsuot ng mask. Iwasang lumabas ng bahay ang mga matatanda, mga bata at may sakit dahil sila ang madaling makapitan ng sakit na ito.

_____16. Ano ang pamagat ng teksto?
A. African Swine Flu (ASF) B. Covid-19
C. Dengue D. Flu

_____17. Saan nagmula ang Covid-19?
A. Wuhan, China B. Beijing, China
C. Japan D. Korea

_____18. Sino ang madaling makapitan ng Covid-19?
A. Lahat na nabanggit B. matatanda
C. may sakit D. bata


____19. Paano maiiwasan ang Covid-19?
A. takpan ang bibig kapag bumahing at magsuot ng face mask
B. maghugas palagi ng kamay
C. umiwas sa maraming tao
D. lahat ng nabanggit

_____20. Anong taon nag-umpisa ang Covid-19?
A. 2020 B. 2019 C. 2018 D. 2017

***SUMMATIVE TEST 3 ANSWER KEY:***

**I.**

1. tauhan
2. tagpuan
3. banghay
4. paksang diwa
5. kaisipan




**II.**

11. B
12. a
13. d
14. d
15.a

16. b
17. a
18. a
19. d
20. b